# Genoveva Edroza-Matute
# Tungkol sa Kababaihan at Drama sa Radyo

*Interview by Elizabeth L. Enriquez*

*Bago naging laganap ang telebisyon, radyo ang pangunahing midyum ng nakararaming Pilipino para malaman ang mga pinakahuling balita, marinig ang mga kinagigiliwang awitin, makaniig ang mga paboritong anawnser, at mapaiyak o matawa sa mga drama sa radyo (Lent 1973). Ang mga dramang ito ay tinatawag na soap opera dahil ang mga unang isponsor ng drama sa radyo sa Estados Unidos ay mga taga-gawa ng sabon (Smith 1990).*

*Ayon sa maraming pag-aaral, malaki ang kinalaman ng midya sa pagpapatibay ng mga tradisyonal na identidad na bunga, halimbawa, ng kasarian o lahing pinagmulan. Sa radyo at telebisyon, matingkad ang representasyon ng kasarian sa soap opera, at malinaw ang pagsusulong ng tradisyonal na relasyon ng babae at lalaki na naglalagay sa huli sa mas nakalalamang na posisyon. Sa kabila nito, naisisingit ang mga representasyong naglalarawan ng mga babaeng marunong lumaban at mga lalaking may pantay na pagtingin sa lahat ng kasarian.*

*Nag-umpisang sumikat ang mga drama sa radyo sa Pilipinas noong 1949 (Reyes 2000). Isa sa pinakasikat na manunulat ng iskrip si Genoveva Edroza-Matute. Nang kapanayamin siya ng* **Plaridel** *noong ika-12 ng Hunyo 2004, ipinaliwanag niya kung paanong nabago ng drama sa radyo ang mga halagahin hinggil sa kasarian noong dekada 50, kung kailan sinulat niya ang tanyag na* ***Aklat ng Pag-ibig*** *at* ***Ang Inyong Lingkod, Gloria Romero****.*

*Higit na kilala si Edroza-Matute bilang manunulat ng maikling kuwento at mga aklat pambata, at bilang guro. Tapos siya ng Bachelor of Science in Education mula sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (dating Philippine Normal School) at Master of Arts at Doctor of Philosophy mula sa Unibersidad ng Santo Tomas. Marami siyang natamong parangal dahil sa kaniyang panulat, kabilang ang mga gantimpala mula sa Palanca, Cultural Center of the Philippines, at National Commission on Culture and the Arts. Apatnapu't anim na taon siyang nagturo sa elementarya, hayskul, kolehiyo, at gradwadong antas. Bagama't retirado na siya sa pagtuturo, patuloy pa rin ang kaniyang pagsusulat ng mga aklat, kwento, at kolum sa magasin.*

*Sa radyo, sampung taong nagsulat si Edroza-Matute ng drama. Kapanahunan niya sina Lina Flor, Liwayway Arceo, at Gloria Guzman. Sila ang mga unang manunulat ng drama sa radyo na pawang naglarawan ng malalakas at matatalinong kababaihan. Sa mga pahina 141 hanggang 154 ay matatagpuan ang ilang iskrip at storyline na sinulat ni Edroza-Matute noong 1950, na nagtatampok sa mga babaeng sa biglang tingin ay tila nasa kahon ng tradisyonal na relasyon ng mga kasarian, ngunit sa malalimang pagsusuri ay mapapansing nagpupumiglas para makalabas sa kahong ito.*

**Tanong (T):** ***Ano po ang pagkakaiba ng pagsusulat para sa radyo at pagkatha ng panitikan gaya ng maikling kuwento at nobela?***

**Sagot (S):** Sa radyo, lahat ay depende sa tinig, ekspresyon ng tinig, kasi walang nakikita yung mga tao. Ang kuwento ay maaaring ulit-uliting basahin kapag may hindi nauunawaan. Pero sa radyo, hindi; kapag narinig na, tapos na iyon. Kaya talagang magagaling ang mga boses ng lumalabas sa radyo. Hindi nakikita ang mukha nila; lahat nasa boses.

**T:** ***Sino po ang mga karaniwang tagapakinig ng radyo, lalo na ng mga drama, at ano ang epekto ng mga programang ito sa kanila?***

**S:** Noong panahon namin, karaniwan mga maybahay, lalo na sa mga tinatawag na soap opera. Ang mga maybahay, labas-masok sa kusina, naglalaba, nagluluto, nakikinig at nagkakaroon ng pag-asa dahil sa karanasan ng mga karakter sa soap opera. Halimbawa, sa sinulat ni Lina Flor Trinidad na ***Gulong ng Palad***, inaapi ng biyenan yung manugang; maaaring naiisip ng tagapakinig, "Ako rin ganiyon, siguro magiging maligaya rin ako sa wakas". Bihirang magbasa ng kuwento ang mga karaniwang maybahay dahil lagi silang nagtatrabaho, kaya nakikinig na lang sila. Ang mga karanasan sa radyo, iyon ang nagiging karanasan nila. Kaya ang soap opera, talagang ibinabagay sa karaniwang maybahay. Hindi masyadong matatayog, kaunti lang marahil ang mga metaphor. Maririnig sa umaga ang mga drama at inuulit sa hapon para muling pakinggan ng mga tagapakinig.

**T:** ***Ano po ang mga tema ng mga sinulat ninyong soap opera?***

**S:** Iba't ibang uri ng pag-ibig, pero hindi ako mahilig sa "boy-girl relationship". Halimbawa, pag-ibig ng tao sa bayan, pag-ibig ng tao sa Diyos, pag-ibig ng Diyos sa tao, pag-ibig ng magulang sa anak, pag-ibig ng babae sa kaniyang karera, pag-ibig sa karangalan, pag-ibig sa kalaban, mga ganoong uri ng pag-ibig, kaya ang pamagat ay ***Aklat ng Pag-ibig***. Ang sinulat ni Lina



Edroza-Matute

Flor Trinidad ay ***Gulong ng Palad*** na kung saan inaapi ang pangunahing babaeng karakter ng kaniyang biyenan at ang kaniyang asawa ay nagloloko. Kay Liwayway Arceo ang ***Ilaw ng Tahanan*** na tungkol sa papel ng nanay sa mga anak at apo. Ang sinulat ni Gloria Guzman ay ***Ginang Hukom*** na ang pangunahing karakter ay isang hukom na babae.

Sinulat ko rin ang ***Ang Inyong Lingkod, Gloria Romero*** na batay sa mga salawikaing Pilipino. Halimbawa, "Kapag may isinuksok, may madudukot" at "Ang lahat ng kasalanan, may kaparusahan". Lingguhan ito. Parating si Gloria Romero ang artistang babae at ang mga lalaki ay iba-iba bawat linggo. Kapag masaya, si Dolphy at kapag hindi, si Juancho [Gutierrez].

**T:** ***Napansin ko po sa mga nabasa kong mga sinulat ninyo ang imahen ng mga babaeng malalakas at matatalino.***

**S:** Sa akin, ang bida ay hindi iyong iyak nang iyak kapag inaapi. Ang bida sa akin, kapag inaapi, lumalaban. Hindi ka bida kung

hindi ka lalaban. Alipin ka ba? Wala pang feminismo noong panahon namin, pero kami mayroon na. Ang mga babae namin lumalaban, kasi kami lumalaban.

**T:** *Paano po naman ito tinanggap ng mga tagapakinig? Tila una sa panahon. Sabi nga ninyo, wala pang feminismo noong panahong iyon.*

**S:** Palagay ko, gusto ng mga babae iyon dahil sila man, nararamdaman nilang api sila. Masyadong patriyarkal ang lipunan. Kapag narinig nila ang mga babae sa soap opera na lumalaban — iyong hindi nila magawa, na nagagawa ng iba nagkakaroon sila ng "vicarious experience". Maaaring inisip nila, "Aba, lalaban din ako", o kaya, "Naku, sana ganoon din kami". Sabi ko nga, ang mga sinasaktan ng asawa na hindi kumikibo, alipin. Bakit? Maski hindi nagtatrabaho ang maybahay, alila naman sa bahay. Ina ng mga anak, naglalaba, nagluluto, namimili, naglilinis, lahat-lahat. Kung ibabayad lahat iyan sa utusan, kulang ang suweldo ng lalaki. Hindi maaaring tratuhing alipin ang babae! Kung hindi siya mabayaran bilang alila, bilang labandera, itrato siya bilang asawa.

**T:** *Maliban po sa mga lumalabang maybahay, mayroon din po kayong mga karakter na babaeng tila labas sa tradisyonal na papel nila sa lipunan noong panahong nabanggit.*

**S:** Marami. Mga babaeng de-karera, halimbawa abogada. Kaya noon pa, wala pa iyang salitang feminismo, buhay na iyang feminismo. Kasi mga babae kami [mga manunulat].

**T:** *May kinalaman ba ang mga isponsor sa laman ng mga drama sa radyo?*

**S:** Oo, nakikialam sila! Iyan ang hirap sa radyo. Bago aprubahan ang storyline, dadaan ito sa mga sponsor – mga Amerikano, halimbawa iyong Procter and Gamble. [Sa panahong nabanggit dekada 50 — direkta ang partisipasyon ng mga negosyong Amerikano na isponsor ng mga programa sa radyo sa

pagbibigay-hugis sa mga programa, lalo na sa mga drama. -ELE] Pagdating ng mga Amerikano, kakausapin kami, ipipilit yung kultura nila sa mga iskrip. Pare-pareho daw ang kultura. Sabi namin, "hindi, iba-iba ang kultura". Hindi, pareho daw. Sabi sa amin, "kilala ba ninyo ang the best soap opera writers in Amerika?'" Binigay ang mga pangalan. "No", sagot naming tatlo nina Liwayway at Lina Flor. "What? You do not know those people?" "No. Why are you surprised? They do not know us!" Aba bakit? Paano naman sila makikilala dito hindi naman sila naririnig dito? Paano namin sila makikilala, hindi naman kami nakikinig sa kanila. Bakit ka magtataka?

**T:** ***Ano po ang naging palagay nila sa nilalaman ng inyong mga iskrip, lalo na yung mga isponsor na nagbebenta ng bilihing tila nagkakahon sa babae sa mga tradisyonal na papel – halimbawa bilang maybahay – gaya ng sabong panlaba?***

**S:** Okey lang sa kanila, pero huwag mong gagamitin sa sinusulat yung kalaban ng isponsor. Halimbawa, kung ang isponsor ay sabong gawa ng Procter and Gamble, huwag mong kakalabanin iyon. Ang kakalabanin mo ay iyong kalaban nila.

**T:** ***Paano kung ang karakter na babae ay hindi maybahay, hindi gagamit ng mga sabong binebenta nila?***

**S:** Sa kapapakinig mo, pagpunta mo sa grocery, siyempre ang naririnig mong pangalan, iyon ang bibilhin mo. Nakokondisyon ang utak ng babae. Siya pa rin ang namimili kasi. Kung hindi nila naririnig, siguro hindi nila kilala ang produkto. Kasi ang naririnig nating madalas ay pumapasok sa utak natin. Kapag bibili ka, iyon agad ang maiisip mo.

**T:** ***Kumusta naman ang naging kalagayan ng mga kababaihang nagtatrabaho sa radyo noong mga panahong iyon?***

**S:** Maganda naman ang kita, kaya nagtiyaga kami. Kung labinlimang minuto ang programa mo, pitong pahina lang iyon. Kung marunong ka pang magpaikot-ikot, mag-uusap-usap ang

mga tauhan, hahaba nang hahaba, naka-pitong pahina ka agad. Itataas mo ngayon ang interes, lalo kapag Biyernes, kasi kapag Sabado at Linggo, walang drama sa radyo. Lunes susundan iyon ng nakikinig kasi nakabitin. Bitin ka nang bitin. Halimbawa may nagtatagpong hindi dapat magtagpo, halimbawa nakikiapid; may kakatok sa pinto – Biyernes iyon sino kaya? Sundan sa Lunes. Wala naman pala, utusan lang na may itatanong. Nasa sa iyo na iyon bilang manunulat.

**T:** *Pareho din po ba sa mga lalaking manunulat ang suweldo ng mga babaeng manunulat ng iskrip?*

**S:** Pareho rin.

**T:** *Iyon pong mga artistang babae?*

**S:** Ay, kawawa! Pero pareho ang kalagayan ng artistang babae at lalake. Ang bayad sa kanila, limang piso lang bawat labas.

**T:** *Magkano po ang bayad sa mga iskrip?*

**S:** Bente singko pesos.

**T:** *May kinalaman kaya ang radyo, partikular ang drama sa radyo, sa pagbabago ng mga halagahin o values nating mga Pilipino? Kung oo, anu-anong mga halagahin ito?*

**S:** Siguro, naisip ng mga babae, hindi naman pala dapat manatiling patriyarkal ang lipunan. Noong maliit pa ako, inabot ko pa ang araw na kapag magkasamang naglalakad ang mag-asawa, medyo nahuhuli ang babae. Ang lalaki, nauuna ng mga ilang hakbang, ang babae nasa likod. Pero noong bandang huli, hindi na rin. Nag-aakbayan pa nga. Nagkakaroon din ng kaunting pagbabago.

**T:** *Palagay ninyo may kinalaman ang radyo dito?*

**S:** Oo. Nagkakaroon din ang mga babae ng karapatan na sumagot.

**T:** *May pagkakaiba ba ang mga drama sa radyo noong panahong nagsusulat kayo at mga dramang maririnig ngayon?*

**S:** Ay, oo, malaki, sa mga paksa – karahasan, sex. Noong panahon namin, ang sex ay hindi inilalathala. Halimbawa, sa ***Gulong ng Palad***, si Karding, asawa ni Lisa, ay naloloko kay Nini. Sinasabi lang na, "Naku, hindi na naman umuwi si Karding, siguro doon na naman tumuloy kay Nini". Ganoon lang. Pero hindi na ini-eksena yung nagtatagpong nagse-sex, hindi gaya ngayon.

**T:** *Sa mga temang may kinalaman sa gender o kasarian, at sekswalidad sa mga drama ngayon, pareho po ba ng pagtalakay?*

**S:** Noong panahon namin, wala yatang babaeng gumaganti sa asawa. Halimbawa, ang lalaki nagloloko, ang babae magloloko rin, parang wala akong natatandaang ganoon. Ngayon, marami na.

**T:** *Sa tingin po ba ninyo ay positibo ito?*

**S:** Negatibo. Hindi ganyan ang pagiging feminista ko. Sa akin, kung ang lalaki at babae, halimbawa, ay parehong may pinag-aralan, pareho ng karanasan, at parehong kino-konsider para sa puwestong bakante, hindi dapat kunin ang lalaki dahil lalaki, at ang babae ay hindi kukunin dahil babae. Kapag itataas ka na ng puwesto, hindi ka na itataas dahil babae ka.

**T:** *Ano po kaya ang maiaambag ng drama sa radyo ngayon sa paghubog ng mga pananaw at halagahin o values ng mga tagapakinig, lalo na hinggil sa isyu ng sekswalidad at kasarian?*

**S:** Marami. Ang hirap, baka hindi magustuhan ng nakikinig. Kasi ang mga nakikinig mga kabataan, nasanay na sila doon sa

deretsahan na ang sex. Kapag medyo binago mo iyon, medyo nag-metaphor ka pa, hindi nila magugustuhan. Dapat itanong mo iyan sa mga kabataang nakikinig ngayon.

**T:** ***Pero palagay po ninyo, malaki pa rin ang epekto ng soap opera sa radyo sa pag-iisip ng mga taong tagapakinig?***

**S:** Palagay ko, hindi na masyado. Kasi mayroon nang TV, mayroong nabibiling pelikula na mapapanood sa bahay.

**T:** ***Sa palagay po ninyo, hindi na natin puwedeng ipaglaban ang feminismo sa radyo?***

**S:** Kung magtitiyaga ka siguro, kung gusto mong lumaban. Ewan ko, itanong mo sa kabataan.

**T:** ***Ano po kaya ang hinaharap ng soap opera sa radyo ngayon?***

**S:** Ewan ko. Hindi ko alam. Sa kabataan mo itanong.

## Talasanggunian

Lent, J. A. (1973). *Philippine mass communications: Before 1811, after 1966.* Manila: Philippines Press Institute.

Reyes, S. S. (Ed.). (2000). *Lina Flor: Collected works.* Manila: Anvil.

Smith, F. L. (1990). *Perspectives on radio and television: Telecommunication in the United States*, 3rd ed. New York: Harper & Row.

---

***Elizabeth L. Enriquez*** *is assistant professor at the Department of Broadcast Communication and concurrent chair of the Department of Graduate Studies of the College of Mass Communication, University of the Philippines in Diliman. Before joining the academe, she spent 17 years in the radio and television industry. She recently authored a monograph about the history of radio titled* ***Radyo: An Essay on Philippine Radio.*** *Prof. Enriquez finished her degrees on A.B. Journalism and M.A. Communication at UP Diliman.*